



# Mga Benepisyo sa Pagreretiro

## Ano ang nasa loob

Social Security at ang iyong plano sa pagreretiro	1
Iyong mga benepisyo sa pagreretiro	1
Mga benepisyo ng pamilya	5
Ano ang kailangan mong malaman kapag kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro	7
Kaunting impormasyon tungkol sa Medicare	10
Kailan ako dapat mag-apply para sa Medicare?	10
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	11

## Social Security at ang iyong plano sa pagreretiro

Ang Social Security ay bahagi ng plano sa pagreretiro ng halos lahat ng empleyado sa America. Kung isa ka sa 96 porsyento ng mga empleyadong saklaw ng Social Security, dapat ay alam mo kung paano gumagana ang sistema. Dapat ay alam mo rin kung magkano ang matatanggap mo mula sa Social Security kapag nagretiro ka. Ipinapaliwanag ng libretong ito:

- Kung paano ka magiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa Social Security;
- Kung paano makakaapekto sa iyong mga benepisyo ang iyong kita at edad;
- Kung ano ang dapat mong isaalang-alang sa pagpapasya kung kailan magreretiro; at

- Kung hindi ka dapat umasa lang sa Social Security para sa lahat ng iyong kita sa pagreretiro.

Ang karaniwang impormasyong ito tungkol sa mga benepisyo sa pagreretiro sa Social Security ay hindi makakasagot sa lahat ng tanong. Para sa partikular na impormasyon tungkol sa iyong sitwasyon, makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

## Iyong mga benepisyo sa pagreretiro

### Paano ka magiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa pagreretiro?

Kapag nagtrabaho ka at nagbayad ka ng mga buwis sa Social Security, makakakuha ka ng “mga credit” para sa mga benepisyo sa Social Security. Ang bilang ng mga credit na kailangan mo upang makakuha ng mga benepisyo sa

pagreretiro ay nakadepende sa kung saan ka ipinanganak. Kung ipinanganak ka noong 1929 o pagkatapos noon, kailangan mo ng 40 credit (10 taon ng pagtatrabaho).

Kung hihinto ka sa pagtatrabaho bago ka makakuha ng sapat na mga credit upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo, mananatili ang mga credit sa iyong Social Security record. Kung babalik ka sa pagtatrabaho, maaari kang magdagdag ng mga credit upang maging kwalipikado. Hindi kami makakapagbigay ng anumang benepisyo sa pagreretiro hanggang sa makuha mo ang kinakailangang bilang ng mga credit.

### **Magkano ang makukuha mong benepisyo sa pagreretiro?**

Ibinabatay namin ang makukuha mong benepisyo sa kung magkano ang kinita mo sa kabuuan ng iyong pagtatrabaho. Ang mas malalaking kita sa kabuuan ng pagtatrabaho ay magresulta sa mas malalaking benepisyo. Kung may ilang taon na hindi ka nagtrabaho o nagkaroon ng mababang kita, ang halaga ng iyong benepisyo ay maaaring maging mas mababa sa kung naging tuluy-tuloy ang iyong pagtatrabaho.

Ang edad kung kailan ka nagpasyang magretiro ay makakaapekto rin sa iyong benepisyo. Kung magreretiro ka sa edad na 62, ang pinakamaagang posibleng edad ng pagreretiro sa Social Security, mas maliit ang magiging benepisyo mo kumpara sa kung maghihintay ka. Ipapaliwanag ng pahina 3-4 ang policy na ito sa mas detalyadong paraan.

### **Online na *my* Social Security account**

Madali ka na ngayong makakapag-set up ng secure at online na *my* Social Security account. Magagamit mo ito upang i-access ang iyong *Social Security Statement* upang tingnan ang iyong mga kita at malaman ang mga pagtatantiya sa iyong benepisyo. Maaari mo ring gamitin ang iyong online na *my* Social Security account upang humiling ng pamalit na Social

Security number card (available sa ilang estado at sa District of Columbia). Kung nakatanggap ka ng mga benepisyo, magagawa mo ring:

- Makuha ang iyong benefit verification letter;
- Palitan ang iyong address at numero ng telepono;
- Humiling ng pamalit na Medicare card;
- Humiling ng pamalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa tax season; o
- Simulan o baguhin ang iyong direct deposit.

Maaari kang gumawa ng *my* Social Security account kung ikaw ay may edad na 18 pataas, Social Security number, valid na U.S. mailing address, at email address. Upang gumawa ng account, pumunta sa **[www.socialsecurity.gov/myaccount](http://www.socialsecurity.gov/myaccount)**.

Kakailanganin mong magbigay ng ilang personal na impormasyon upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan. Papapiliin ka ng username at password, at pagkatapos ay hihingin ang iyong email address. Kakailanganin mo ring piliin kung paano mo gustong makatanggap ng pang-isang gamit na security code — sa isang cell phone na nakatanggap ng text o sa email address na inirehistro mo — na kakailanganin mong ilagay upang tapusin ang paggawa ng iyong account. Sa tuwing magsa-sign in ka gamit ang iyong username at password, magpapadala kami ng pang-isang gamit na security code sa iyong cell phone o sa iyong email address. Ang security code ay bahagi ng aming pinaigting na feature na panseguridad upang maprotektahan ang iyong personal na impormasyon. Tandaan na maaaring malapat ang mga singil sa text message at data ng iyong cell phone provider.

### **Makakuha ng mga naka-personalize na pagtatantiya ng benepisyo sa pagreretiro**

Maaari mong gamitin ang aming online na *Retirement Estimator* upang makakuha ng mga agaran at naka-personalize na pagtatantiya ng benepisyo upang matulungan kang magplano para sa iyong pagreretiro. Ang online na *Retirement Estimator* ay isang madaling gamitin at secure na tool para sa pinansyal na

pagpapalano na nag-aalis ng pangangailangang manu-manong maglagay ng impormasyon sa kita para sa ilang taon. Magagamit mo rin ang estimator upang gumawa ng mga “paano kung” na sitwasyon. Halimbawa, maaari mong baguhin ang iyong mga petsa ng “paghinto sa pagtatrabaho” o inaasahang kita sa hinaharap upang gumawa at maghambing ng iba’t ibang opsyon sa pagreretiro.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang lathalain na *Online Retirement Estimator* (Publication No. 05-10510), pumunta sa aming website sa [www.socialsecurity.gov/estimator](http://www.socialsecurity.gov/estimator).

### Sukdulang edad ng pagreretiro

Kung ipinanganak ka noong 1951 o bago iyon, kwalipikado ka na para sa iyong kumpletong benepisyong sa Social Security. Ang sukdulang edad ng pagreretiro ay 66 kung ipinanganak ka sa pagitan ng 1943 at 1954. Unti-unting tataas ang sukdulang edad ng pagreretiro kung ipinanganak ka sa pagitan ng 1955 at 1960, hanggang 67. Para sa sinumang ipinanganak noong 1960 o pagkatapos noon, makukuha ang mga kumpletong benepisyong sa pagreretiro sa edad na 67. Nakalista sa sumusunod na chart ang sukdulang edad ng pagreretiro ayon sa taon ng kapanganakan.

<b>Edad kung kailan matatanggap ang kumpletong benepisyong sa Social Security</b>	
<b>Taon ng kapanganakan</b>	<b>Sukdulang edad ng pagreretiro</b>
1943-1954	66
1955	66 at 2 buwan
1956	66 at 4 buwan
1957	66 at 6 buwan
1958	66 at 8 buwan
1959	66 at 10 buwan
1960 at pagkatapos noon	67
<b>TANDAAN:</b> Para sa mga taong ipinanganak noong Enero 1 ng anumang taon, sumangguni sa nakaraang taon.	

**TANDAAN:** Kahit hindi na 65 ang sukdulang edad ng pagreretiro, dapat kang mag-sign up para sa Medicare tatlong buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan. Tingnan ang pahina 9 para sa karagdagang impormasyon.

### Maagang pagreretiro

Maaari kang makatanggap ng mga benepisyong sa pagreretiro ng Social Security sa edad na 62 pa lang. Gayunpaman, babawasan namin ang iyong benepisyong kung magreretiro ka bago ang iyong sukdulang edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung magiging 62 ka sa 2018, ang iyong benepisyong ay bababa nang 26.7 porsyento kumpara sa dapat mo sanang naging benepisyong sa edad na 66 at 4 na buwan.

Hihinto sa pagtatrabaho ang ilang tao bago ang edad ng 62. Ngunit kung gagawin nila iyon, ang mga taon na walang kita ay malamang na magresulta sa mas maliit na benepisyong sa Social Security kapag nagretiro sila.

**TANDAAN:** Kung minsan, maagang nagreretiro ang mga tao dahil sa mga problemang pangkalusugan. Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa mga problemang pangkalusugan, pag-isipang mag-apply para sa mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security. Ang halaga ng benepisyong sa kapansanan ay kapareho ng kumpleto at hindi nabawasang benepisyong sa pagreretiro. Kung makatanggap ka ng mga benepisyong sa kapansanan ng Social Security kapag naabot mo na ang sukdulang edad ng pagreretiro, iko-convert namin bilang mga benepisyong sa pagreretiro ang mga benepisyong iyon. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Mga Benepisyong sa Karamdaman* (Publication No. 05-10029-TL).

### Ipinagpalibang pagreretiro

Mapipili mong patuloy na magtrabaho nang lampas pa sa iyong sukdulang edad ng pagreretiro. Kung gagawin mo iyon, mapapalaki mo ang iyong mga panghinaharap na benepisyong sa Social Security sa dalawang paraan.

Ang bawat karagdagang taon ng pagtatrabaho ay magdaragdag ng isa pang taon ng kita sa iyong Social Security record. Ang mas malalaking kita sa kabuuan ay maaaring magresulta sa mas malalaking benepisyo kapag nagretiro ka.

Dagdag pa rito, tataas nang isang partikular na porsyento ang iyong benepisyo mula sa oras kung kailan mo naabot ang sukdulang edad ng pagreretiro, hanggang sa magsimula kang makatanggap ng mga benepisyo, o hanggang sa umabot ka sa edad na 70. Mag-iiba ang porsyento depende sa iyong taon ng kapanganakan. Halimbawa, kung ipinanganak ka noong 1943 o pagkatapos noon, magdaragdag kami ng 8 porsyento sa iyong benepisyo para sa bawat kumpletong taon na ipagpapaliban mo ang pagtanggap ng mga benepisyo sa Social Security nang lampas sa iyong sukdulang edad ng pagreretiro.

**TANDAAN:** Kung magpasya kang ipagpaliban ang iyong pagreretiro, **siguraduhing mag-sign up para sa Medicare sa edad na 65.** Sa ilang sitwasyon, mas malaki ang magiging bayarin sa medikal na insurance kung ipagpapaliban mo ang pag-apply para dito. Nasa pahina 9 ang iba pang impormasyon tungkol sa Medicare.

### **Pagpapasya kung kailan magreretiro**

Ang pagpili kung kailan magreretiro ay isang mahalaga at personal na desisyon. Anumang edad ka magretiro, makipag-ugnayan sa Social Security bago ka pa magretiro upang malaman ang iyong mga opsyon at magawa ang pinakamainam na desisyon. Kung minsan, ang pipiliin mong buwan ng pagreretiro ay maaaring magresulta sa mas malalaking benepisyo para sa iyo at sa iyong pamilya.

Papalitan ng Social Security ang porsyento ng kita ng isang empleyado bago ang pagreretiro batay sa kanilang kita sa kabuuan. Ang halaga ng iyong average na kita na papalitan ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security ay mag-iiba depende sa iyong mga kita at kung kailan mo pipiling magsimulang makatanggap

ng mga benepisyo. Kung magsisimula kang makatanggap ng mga benepisyo sa edad na 67, ang porsyentong ito ay aabot ng 75 porsyento para sa mga may napakaliit na kita, hanggang sa humigit-kumulang 40 porsyento para sa mga may katamtamang kita, at humigit-kumulang 27 porsyento para sa mga may malalaking kita. Kung magsisimula kang makatanggap ng mga benepisyo nang mas maaga sa edad na 67, magiging mas mababa ang mga porsyentong ito, at mas tataas pa ang mga ito pagkalipas ng edad na 67. Ayon sa karamihan ng mga pinansyal na tagapayo, mangangailangan ka ng humigit-kumulang 70 porsyento ng kita bago ang pagreretiro upang makapamuhay nang maginhawa pagkatapos ng pagreretiro, kasama na ang iyong mga benepisyo sa Social Security, pamumuhunan, at iba pang personal na ipon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba pang salik na dapat isaalang-alang habang iniisip mo kung kailan ka magsisimulang tumanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security, basahin ang *Iyong Checklist sa Pagreretiro* (Publication No. 05-10377).

Mag-apply para sa mga benepisyo nang humigit-kumulang apat na buwan bago mo naising magsimula ang iyong mga benepisyo. Kung hindi ka pa handang magretiro, ngunit pinaplano mo itong gawin sa lalong madaling panahon, pumunta sa website ng *Social Security* upang magamit ang aming madaling gamitin at detalyadong Retirement Planner sa [www.socialsecurity.gov/benefits](http://www.socialsecurity.gov/benefits).

### **Mga benepisyo sa pagreretiro para sa mga naulila**

Ang mga naulila ay maaaring magsimulang makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security sa edad na 60, o sa edad na 50, kung may kapansanan. Ang mga naulila ay maaaring kumuha ng mga bawas na benepisyo sa isang record, at pagkatapos ay lumipat sa mga kumpletong benepisyo sa ibang record. Halimbawa, maaaring kumuha ang isang babae ng nabawasang benepisyo ng naulila sa edad na 60 o 62, at lumipat sa sarili niyang kumpletong

benepisyong sa pagreretiro kapag naabot na niya ang sukdulang edad ng pagreretiro. Kailangan mong makipag-usap sa Social Security tungkol sa iyong mga opsyon, dahil maaaring iba ang mga regulasyon para sa iyong claim.

## Mga benepisyong ng pamilya

### Mga benepisyong para sa mga miyembro ng pamilya

Kung nakakatanggap ka ng mga benepisyong sa pagreretiro ng Social Security, maaari ding makatanggap ng mga benepisyong ang ilang miyembro ng iyong pamilya, kasama na ang:

- Mga asawang may edad na 62 pataas;
- Mga asawang wala pa sa edad na 62, kung nag-aalaga sila ng bata na ayon sa iyong record ay wala pa sa edad na 16 o may kapansanan;
- Mga dating asawa, kung sila ay may edad na 62 pataas (Tingnan ang “Mga benepisyong para sa isang dibursyadong asawa” sa pahina 6);
- Mga batang may edad na hanggang 18, o hanggang 19 kung sila ay mga full-time na mag-aaral at hindi pa nakakapagtapos ng high school; at
- Mga batang may kapansanan, kahit na sila ay may edad na 18 pataas.

Kung maging magulang ka ng bata (kasama na ang inampong bata) pagkatapos mong magsimulang makatanggap ng mga benepisyong, ipagbigay-alam sa amin ang tungkol sa bata. Pagkatapos, pagpapasyahan namin kung kwalipikado para sa mga benepisyong ang bata.

### Mga benepisyong ng asawa

Ang mga asawang hindi kailanman nagtrabaho o may maliit na kita ay maaaring makakuha ng hanggang kalahati ng kumpletong benepisyong ng isang retiradong empleyado. Kung kwalipikado ka para sa sarili mong mga benepisyong sa pagreretiro at mga benepisyong ng asawa, una naming ibibigay ang sarili mong mga benepisyong. Kung ang iyong mga benepisyong bilang asawa ay

mas malaki kaysa sa sarili mong benepisyong sa pagreretiro, makakatanggap ka ng kumbinasyong ng mga benepisyong na katumbas ng mas malaking benepisyong ng asawa.

*Halimbawa:*

*Kwalipikado si Mary Ann para sa isang benepisyong sa pagreretiro na nagkakahalaga ng \$250 at benepisyong ng asawa na nagkakahalaga ng \$400. Pagsapit ng kanyang sukdulang edad ng pagreretiro, makakatanggap siya ng sarili niyang benepisyong sa pagreretiro na nagkakahalaga ng \$250. Magdaragdag din kami ng \$150 mula sa kanyang benepisyong ng asawa, na nagkakahalaga ng \$400 sa kabuuan. Kung kukunin niya ang kanyang benepisyong sa pagreretiro bago sumapit ang kanyang sukdulang edad ng pagreretiro, babawasan namin ang parehong halaga.*

Kung nasa sukdulang edad ng pagreretiro ka na at kwalipikado ka para sa sarili mong mga benepisyong sa pagreretiro at para na rin sa mga benepisyong ng asawa (o dibursyadong asawa), mapipili mong limitahan ang iyong aplikasyong, mag-apply para sa isa sa mga benepisyong, at ipagpaliban ang pag-apply para sa ibang benepisyong.

Alinsunod sa batas na pinagtibay noong 2015, ang mga taong ipinanganak noong o pagkatapos ng Enero 2, 1954 ay hindi na magkakaroon ng ganitong opsyong. Kung kwalipikado sila para sa sarili nilang mga benepisyong at sa mga benepisyong ng asawa (o dibursyadong asawa), dapat silang mag-apply para sa parehong benepisyong. Tinatawag itong “ipinagpalagay na pag-apply.” Kung mag-a-apply ka para sa isang benepisyong, “ipagpapalagay” na mag-a-apply ka rin para sa isa pa, kahit na hindi ka pa kaagad magiging kwalipikado para dito.

Kung nakakatanggap ka ng pensyong batay sa trabaho kung saan hindi ka nagbayad ng mga buwis sa Social Security, maaari naming bawasan ang iyong benepisyong ng asawa. Makakakita ng karagdagang impormasyong tungkol sa mga pensyong mula sa trabahong hindi saklaw ng Social Security sa pahina 9.

Kung nakatanggap ang mga asawa ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security bago sila umabot sa sukdulang edad ng pagreretiro, babawasan namin ang benepisyo. Ang halagang ibabawas namin sa benepisyo ay magdedepende sa kung kailan maaabot ng taong iyon ang sukdulang edad ng pagreretiro.

Halimbawa:

- Kung ang sukdulang edad ng pagreretiro ay 65, maaaring makuha ng isang asawa ang 37.5 porsyento ng hindi pa nababawang benepisyo ng empleyado sa edad na 62;
- Kung ang sukdulang edad ng pagreretiro ay 66, maaaring makuha ng isang asawa ang 35 porsyento ng hindi pa nababawang benepisyo ng empleyado sa edad na 62;
- Kung ang sukdulang edad ng pagreretiro ay 67, maaaring makuha ng isang asawa ang 32.5 porsyento ng hindi pa nababawang benepisyo ng empleyado sa edad na 62.

Lalaki ang benepisyo sa mga susunod na edad hanggang sa maximum na 50 porsyento sa sukdulang edad ng pagreretiro. Kung hindi ipinapakita rito ang sukdulang edad ng pagreretiro, magiging 32.5 porsyento hanggang 37.5 porsyento ang benepisyo sa edad na 62.

Maaaring makatanggap ang iyong asawa ng mga kumpletong benepisyo, anuman ang edad, kung nag-aalaga siya ng bata na kwalipikado ayon sa iyong record. Dapat ay wala pang edad na 16, o may kapansanan ang bata (bago sumapit ang edad na 22).

**TANDAAN:** Ang iyong kasalukuyang asawa ay *hindi* makakakuha ng mga benepisyo ng asawa hanggang sa mag-apply ka para sa mga benepisyo sa pagreretiro.

### **Mga benepisyo ng mga bata**

Ang iyong umaasang anak ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa iyong record ng kita kapag sinimulan mo ang iyong mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security. Ang iyong anak ay maaaring makakuha ng hanggang kalahati ng iyong kumpletong benepisyo.

Upang makatanggap ng mga benepisyo, dapat ay walang asawa ang iyong anak, at dapat niyang masapatan ang mga sumusunod:

- Wala pang edad na 18; o
- 18-19 taong gulang at isang full-time na mag-aaral (hindi lalampas sa baitang 12); o
- 18 pataas at nagkaroon ng kapansanan bago sumapit ang edad na 22.

Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari din kaming magbigay ng mga benepisyo sa isang stepchild, apo, step-grandchild, o ampon.

**TANDAAN:** Ang mga may kapansanang bata na may mga magulang na limitado lang ang kita o mapagkukunan ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng Supplemental Security Income. Para sa karagdagan impormasyon, pumunta sa aming website o tumawag sa aming toll-free na numero.

### **Mga maximum na benepisyo ng pamilya**

Kung mayroon kang mga anak na kwalipikado para sa Social Security, ang bawat isa ay makatanggap ng hanggang kalahati ng iyong kumpletong benepisyo. Ngunit may limitasyon sa kung magkano ang maaari naming ibigay sa iyo at sa iyong pamilya. Ang limitasyong ito ay maaaring maging 150 hanggang 180 porsyento ng sarili mong benepisyo. Kung lalampas sa limitasyong ito ang mga kabuuang benepisyong matatanggap ng iyong asawa at mga anak, babawasan namin ang kanilang mga benepisyo. Hindi maaapektuhan ang iyong benepisyo.

### **Mga benepisyo para sa isang dibursyadong asawa**

Ang iyong dibursyadong asawa ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa iyong Social Security record kung umabot ng hindi bababa sa 10 taon ang pagiging mag-asawa. Dapat ay may edad na 62 pataas at walang asawa ang iyong dibursyadong asawa.

Ang mga benepisyong matatanggap niya ay hindi makakaapekto sa halagang maaari mong makuha o ng iyong kasalukuyang asawa.

Dagdag pa rito, ang iyong dating asawa ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo kahit na hindi ka pa retirado. Dapat ay pareho kayong hindi bababa sa edad na 62 at dibursyado na nang hindi bababa sa dalawang taon.

## Ano ang kailangan mong malaman kapag kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro

### Paano ka magsa-sign up para sa Social Security?

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo sa pagreretiro online sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov), o tumawag sa aming toll-free na numero, **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). O kaya, maaari kang mag-iskedyul ng appointment sa anumang tanggapan ng Social Security upang personal na mag-apply.

Depende sa iyong sitwasyon, kakailangan mo ang ilan sa o ang lahat ng dokumentong nakalista sa ibaba. Huwag ipagpaliban ang pag-a-apply para sa mga benepisyo kung wala sa iyo ang lahat ng impormasyon. Kung wala sa iyo ang isang dokumentong kailangan mo, maaari kang naming tulungang makuha ito.

Kasama sa impormasyon at mga dokumentong kakailangan mo ang mga sumusunod:

- Ang iyong Social Security number;
- Ang ilyong birth certificate;
- Ang iyong mga W-2 form o self-employment tax return para sa nakaraang taon;
- Ang iyong mga military discharge paper kung nagsilbi ka sa militar;
- Ang birth certificate at Social Security number ng iyong asawa kung mag-a-apply siya para sa mga benepisyo;

- Ang mga birth certificate at Social Security number ng iyong mga anak kung mag-a-apply ka para sa mga benepisyo sa mga anak;
- Patunay ng pagiging mamamayan ng U.S. o legal na alien status kung hindi ka (o ang isang asawa o anak na nag-a-apply para sa mga benepisyo) ipinanganak sa United States; at
- Ang pangalan ng iyong pinansyal na institusyon, ang routing number, at ang iyong account number para sa direct deposit. Kung wala kang account sa isang pinansyal na institusyon, o kung mas gusto mong matanggap ang iyong mga benepisyo sa isang prepaid na debit card, maaari kang kumuha ng Direct Express® card. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [www.GoDirect.org](http://www.GoDirect.org).

Dapat kang magsumite ng mga orihinal na dokumento o kopyang sertipikado ng nagbigay na tanggapan. Maaari mong ipadala o dalhin ang mga ito sa Social Security. Gagawa kami ng mga photocopy at ibabalik namin ang iyong mga dokumento.

### Karapatang umapela

Kung hindi ka sang-ayon sa isang desisyong ginawa sa iyong claim, maaari mo itong iapela. Para sa paliwanag ng mga hakbang na maaari mong gawin, basahin ang *Ang Proseso ng Pag-apela* (Publication No. 05-10041-TL).

Maaari mong asikasuhin ang sarili mong pag-apela nang may libheng tulong mula sa Social Security, o maaari mong piliing magpatulong sa isang kinatawan. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyong makakatulong sa iyong makahanap ng kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng kinatawan, basahin ang *Iyong Karapatan sa Representasyon* (Publication No. 05-10075-TL).

## Kung magtatrabaho at tatanggap ka ng mga benepisyo nang sabay

Maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo sa pagreretiro. Ang iyong mga kita sa (o pagkatapos ng) buwan kung kailan mo naabot ang iyong sukdulang edad ng pagreretiro ay hindi makakabawas sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Gayunpaman, babawasan namin ang iyong mga benepisyo kung lalampas ang iyong mga kita sa ilang partikular na limitasyon para sa mga buwan bago mo maabot ang sukdulang edad ng pagreretiro. (Tingnan ang chart sa pahina 3 upang malaman ang iyong sukdulang edad ng pagreretiro.)

*Narito kung paano ito gumagana:*

Kung hindi ka pa umaabot sa sukdulang edad ng pagreretiro, magbabawas kami ng \$1 sa mga benepisyo para sa bawat \$2 na kikitain mo na lampas sa taunang limitasyon.

Sa taon kung kailan mo maaabot ang iyong sukdulang edad ng pagreretiro, babawasan namin ang iyong mga benepisyo ng \$1 para sa bawat \$3 na kikitain mo na lampas sa isang taunang limitasyon. Magpapatuloy ang pagbabawas na ito hanggang sa buwan kung kailan mo maaabot ang sukdulang edad ng pagreretiro. Kapag naabot mo na ang sukdulang edad ng pagreretiro, maaari kang magpatuloy sa pagtatrabaho, at hindi namin babawasan ang iyong benepisyo sa Social Security, magkano man ang kitain mo.

Sa kabuuan ng taon, kung mas malaki o mas mababa ang iyong mga kita kaysa sa pagtatantiya mo, ipagbigay-alam ito kaagad sa amin nang sa gayon ay ma-adjust namin ang iyong mga benepisyo.

## Isang espesyal na buwanang regulasyon

May nalalapat na espesyal na regulasyon sa iyong mga kita sa loob ng isang taon, kadalasan ay ang iyong unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng regulasyong ito, maaari kang makatanggap ng kumpletong Social Security check para sa

anumang buwan kung saan pasok sa isang partikular na limitasyon ang iyong kita, anumang ang iyong taunang kita.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano nakakaapekto ang mga kita sa iyong benepisyo sa pagreretiro, basahin ang *Paano Nakakaapekto ang Trabaho sa Iyong Mga Benepisyo* (Publication No. 05-10069-TL). Ang polyetong ito ay may listahan ng mga kasalukuyang limitasyon sa taunan at buwanang kita.

## Maaaring buwisan ang iyong mga benepisyo

Ang humigit-kumulang 40 porsyento ng mga taong nakatanggap ng Social Security ay kailangang magbayad ng mga buwis sa kita para sa kanilang mga benepisyo. Halimbawa:

- Kung maghahain ka ng pederal na tax return bilang isang “indibidwal,” at nasa pagitan ng \$25,000 at \$34,000 ang iyong pinagsamang kita\*, maaaring kailanganin mong magbayad ng buwis sa hanggang 50 porsyento ng iyong mga benepisyo sa Social Security. Kung ang iyong pinagsamang kita\* ay mahigit sa \$34,000, papatawan ng buwis sa kita ang hanggang 85 porsyento ng iyong mga benepisyo sa Social Security.
- Kung maghahain ka ng joint return, maaaring kailanganin mong magbayad ng buwis sa 50 porsyento ng mga benepisyo kung ikaw at ang iyong asawa ay mayroong pinagsamang kita\* na nasa pagitan ng \$32,000 at \$44,000. Kung ang iyong pinagsamang kita\* ay mahigit sa \$44,000, papatawan ng buwis sa kita ang hanggang 85 porsyento ng iyong mga benepisyo sa Social Security.
- Kung may asawa ka at naghain ka ng hiwalay na return, malamang na kakailanganin mong magbayad ng buwis para sa iyong mga benepisyo.

Sa katapusan ng bawat taon, padadalhan ka namin ng *Statement ng Benepisyo sa Social Security* (Form SSA-1099) na nagpapakita ng halaga ng mga benepisyong natanggap mo.



Gamitin ang statement na ito kapag nakumpleto mo na ang iyong pederal na income tax return upang malaman kung kailangan mo bang magbayad ng mga buwis para sa iyong mga benepisyo.

Bagama't hindi mo naman kailangang ipabawas sa Social Security ang mga pederal na buwis, maaaring mas madali ito para sa iyo kumpara sa pagbabayad ng mga tinantiyang buwis kada apat na buwan.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng Internal Revenue Service, **1-800-829-3676**, upang hingin ang Publication 554, *Gabay sa Buwis para sa Mga Nakatatanda*, at Publication 915, *Social Security at Katumbas na Mga Benepisyo sa Railroad Retirement*.

\* *Sa 1040 tax return, ang iyong “pinagsamang kita” ay ang kabuuan ng iyong na-adjust na gross na kita, dagdag pa ang hindi nabubuwisang interes, dagdag pa ang kalahati ng iyong mga benepisyo sa Social Security.*

### **Mga pensyon mula sa trabahong hindi saklaw ng Social Security**

Kung nakatanggap ka ng pensyon mula sa trabaho kung saan ka nagbayad ng mga buwis sa Social Security, ang pensyong iyon ay hindi makakaapekto sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Gayunpaman, kung nakatanggap ka ng pensyon sa pagreretiro o kapansanan mula sa trabahong hindi saklaw ng Social Security — halimbawa, ang federal civil service, trabaho sa pang-estado o lokal na pamahalaan, o trabaho sa ibang bansa — maaari naming bawasan ang iyong benepisyo sa Social Security.

Ang mga empleyado ng pamahalaan na kwalipikado para sa mga benepisyo sa Social Security sa record ng kita ng isang asawa ay maaaring sumangguni sa *Offset ng Pensyon sa Pamahalaan* (Publication No. 05-10007) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga taong nagtrabaho sa ibang bansa, o ang mga empleyado ng pamahalaan na kwalipikado rin para sa sarili nilang mga benepisyo sa Social

Security, ay maaaring sumangguni sa *Probisyon sa Pagbabawas ng Labis na Benepisyo* (Publication No. 05-10045).

### **Pag-alis sa United States**

Kung isa kang mamamayan ng U.S., maaari kang pumunta, o tumira sa karamihan ng ibang bansa nang walang epekto sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Gayunpaman, may ilang bansa kung saan hindi kami makakapagpadala ng mga benepisyo sa Social Security. Ang mga bansang ito ay ang Azerbaijan, Belarus, Cuba, Kazakhstan, Kyrgyzstan, Moldova, North Korea, Tajikistan, Turkmenistan, Ukraine, at Uzbekistan. Gayunpaman, maaari kaming magbigay ng espesyal na konsiderasyon para sa ilang kwalipikadong benepisyaryo sa mga bansang bukod sa Cuba at North Korea. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga espesyal na konsiderasyong ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Kung nagtatrabaho ka sa labas ng United States, may iba't ibang umiiral na regulasyon sa pagpapasya kung maaari kang makatanggap ng mga benepisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Iyong Mga Benepisyo Habang Nasa Labas Ka ng United States* (Publication No. 05-10137).

### **Kaunting impormasyon tungkol sa Medicare**

Ang Medicare ay isang programa ng insurance sa kalusugan para sa mga may edad na 65 pataas. Ang mga taong may kapansanan, may End-Stage Renal Disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant ng bato), o may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), ay maaaring makatanggap ng Medicare sa anumang edad.

## Kailan ako dapat mag-apply para sa Medicare?

Kung hindi ka pa kasalukuyang nakakatanggap ng mga benepisyong, dapat kang makipag-ugnayan sa Social Security humigit-kumulang tatlong buwan bago ang iyong ika-65 kaarawan upang mag-sign up para sa Medicare. Dapat kang mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi mo pinaplanong magretiro sa edad na 65.

Kung nakakatanggap ka na ng mga benepisyong ng Social Securityo Railroad Retirement Board, makikipag-ugnayan kami sa iyo ilang buwan bago ka maging kwalipikado para sa Medicare at padadalhan ka namin ng impormasyon. Kung nakatira ka sa isa sa 50 estado, Washington, D.C., Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o U.S. Virgin Islands, awtomatiko ka naming itatala sa Bahagi A at B ng Medicare. Gayunpaman, dahil dapat kang magbayad ng premium para sa saklaw ng Bahagi B, maaari mo itong tanggihan.

Hindi ka namin awtomatikong ipapatala sa isang plano sa inireresetang gamot ng Medicare (Bahagi D). Opsyonal ang Bahagi D, at dapat mong piliin ang saklaw na ito. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang website o tumawag sa toll-free na numerong nakalista sa ibaba.

<b>Medicare</b>	Website: <a href="http://www.Medicare.gov">www.Medicare.gov</a> Toll-free na numero: <b>1-800-MEDICARE</b> (1-800-633-4227) TTY na numero: <b>1-877-486-2048</b>
-----------------	--

### **MGA PAALALA:**

*Kung hindi ka magpapatala sa Bahagi B at Bahagi D sa unang pagkakataon na maging kwalipikado ka, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa sa nahuling pagpapatala hangga't mayroon kang saklaw ng Bahagi B at Bahagi D. Dagdag pa rito, maaaring kailanganin mong maghintay bago magpatala, na makakaantala sa saklaw.*

*Ang mga residente ng Puerto Rico o ibang bansa ay hindi awtomatikong makakatanggap ng Bahagi B. Dapat nilang piliing matanggap ang benepisyong ito.*

## **Kung mayroon kang Health Savings Account (HSA)**

Kung mayroon kang HSA at nag-sign up ka para sa Medicare, hindi ka makakapagbigay ng kontribusyon sa iyong HSA kapag nagsimula na ang iyong saklaw ng Medicare. Kung magbibigay ka ng kontribusyon sa iyong HSA pagkatapos magsimula ng iyong saklaw ng Medicare, maaaring kailanganin mong magbayad ng multang buwis. Kung gusto mong patuloy na magbigay ng kontribusyon sa iyong HSA, hindi ka dapat mag-apply para sa mga benepisyong ng Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (RRB).

### **TANDAAN:**

*Ang saklaw ng Bahagi A na walang premium ay magsisimula anim na buwan bago ang petsa kung kailan ka mag-a-apply para sa Medicare (o mga benepisyong ng Social Security/RRB), ngunit hindi mauuna sa unang buwan kung kailan ka naging kwalipikado para sa Medicare. Upang maiwasan ang multang buwis, dapat mong ihinto ang pagbibigay ng kontribusyon sa iyong HSA nang hindi bababa sa anim na buwan bago ka mag-apply para sa Medicare.*

## **“Dagdag na Tulong” sa mga bayarin sa inireresetang gamot ng Medicare**

Kung mayroon kang limitadong kita (nakatali sa pederal na antas ng kahirapan) at limitadong mapagkukunan, maaari kang maging kwalipikado para sa Dagdag na Tulong upang bayaran ang iyong mga inireresetang gamot sa ilalim ng Bahagi D ng Medicare. Ang tungkulin ng Social Security sa programang ito ay:

- Tulungan kang maunawaan kung paano ka maaaring maging kwalipikado;
- Tulungan kang makumpleto ang aplikasyon sa Dagdag na Tulong; at

- Iproseso ang iyong aplikasyon.

Kung mag-a-apply ka para sa Dagdag na Tulong, magsisimula rin kami ng aplikasyon para sa mga Medicare Savings Program, maliban na lang kung sabihin mo sa amin na huwag gawin iyon. Upang makita kung kwalipikado ka o upang mag-apply, tumawag sa toll-free na numero ng Social Security, o pumunta sa aming website sa [www.socialsecurity.gov/extrahelp](http://www.socialsecurity.gov/extrahelp).

### **Tulong sa iba pang bayarin sa Medicare**

Kung mayroon kang limitadong kita at mapagkukunan, maaaring bayaran ng iyong estado ang iyong mga premium sa Medicare at, sa ilang sitwasyon, ang iba ang medikal na gastos na “mula sa sariling bulsa”, gaya ng mga nababawas, copayment, at coinsurance.

Ang estado mo lang ang makakapagpasya kung kwalipikado kang makatanggap ng tulong mula sa mga Medicare Savings Program. Upang malaman, makipag-ugnayan sa iyong pang-estado o lokal na ahensya ng medikal na tulong (Medicaid), tanggapan ng social services.

### **May apat na bahagi ang Medicare**

- Ang Bahagi A ng Medicare (insurance sa ospital) ay tumutulong na bayaran ang pangangalaga sa ospital ng inpatient at ilang partikular na follow-up na serbisyo.
- Ang Bahagi B ng Medicare (medikal na insurance) ay tumutulong na bayaran ang mga serbisyo ng mga doktor, pangangalaga sa ospital ng outpatient, at iba pang serbisyong medikal.
- Ang Bahagi C ng Medicare (mga Medicare Advantage plan) ay available sa maraming lugar. Mapipili ng mga taong may Bahagi A at B ng Medicare na matanggap ang lahat ng kanilang serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang pribadong kumpanya ng insurance na inaprubahan ng Medicare upang ibigay ang saklaw na ito.

- Ang Bahagi D ng Medicare Part D (saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare) ay tumutulong sa pagbabayad ng mga bayarin sa mga inireresetang gamot.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Medicare* (Publication No. 05-10043-TL).

### **Pakikipag-ugnayan sa Social Security**

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### **Bumisita sa aming website**

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov). Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at

- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### **Tumawag sa amin**

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today  
and tomorrow

**Social Security Administration**  
Publication No. 05-10035-TL | January 2018  
Mga Benepisyo sa Pagreretiro  
Retirement Benefits (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense  
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito